

## Kabisaan ng Paggamit ng Larawan sa Pagtuturo ng mga Idyoma

Charles D. Mabalot  
Pangasinan State University  
[mabalot.charles@deped.gov.ph](mailto:mabalot.charles@deped.gov.ph)

Petsa ng Pagsumite:

**Abril 3, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:

**Abril 25, 2026**

Petsa ng Paglathala:

**Mayo 11, 2026**

DOI:

**10.5281/zenodo.20115371**

### Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay naglayong suriin ang kabisaan ng paggamit ng mga larawan bilang interbensyon sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga idyomatikong pahayag mula sa mga piling akdang pampanitikan. Nilayong suriin ang epekto ng mga biswal na kagamitan bilang pantulong sa pagtuturo ng mga matatalinghagang pahayag para sa mga mag-aaral sa Baitang 11. Sa gitna ng makabagong panahon kung saan ang mga mag-aaral ay kinikilala bilang mga visual learners, sinuri ng pag-aaral kung paano nakatutulong ang mga larawan sa pagbuwag ng semantic opacity o ang kalabuan ng kahulugan na likas sa mga idyoma. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong disenyo at kinasangkutan ng limampu't

walong (58) piling mag-aaral mula sa Amlang-Nagtagaan National High School. Ang mga kalahok ay hinati sa dalawang pangkat: ang isa ay tinuruan gamit ang purong teksto, habang ang isa naman ay ginamitan ng mga larawan bilang interbensyon. Batay sa pagsusuring estadistikal, lumabas na ang pangkat na hindi ginamitan ng larawan ay nagtala lamang ng mean score na 26.45, na nagpapakita ng limitadong pag-unawa sa mga abstraktong konsepto. Gayunpaman, nang ilapat ang interbensyong biswal, ang mean score ay makabuluhang tumaas patungong 38.07, kung saan halos lahat ng kalahok o 96.6% ay nakatamo ng antas na "Napakataas".

Pinakita rin sa resulta na ang kasarian ay may makabuluhang ugnayan sa iskor, kung saan ang mga lalaki ay nagpakita ng mas mabilis na pag-decode sa mga visual tasks, bagaman kapwa ang mga lalaki at babae ay nagtamo ng mataas na antas ng pagkatuto. Sa kabilang dako, ang edad at dating grado sa Filipino ay hindi nakitaan ng direktang ugnayan sa resulta, na nagpapatunay na ang mga larawan ay epektibo para sa lahat ng uri ng mag-aaral anuman ang kanilang akademikong pinagmulan. Ang tagumpay na ito ay naugat sa Dual Coding Theory at Cognitive Theory of Multimedia Learning, na nagpapatunay na ang pagsasanib ng berbal at biswal na impormasyon ay nagdudulot ng mas matatag na representasyon sa isipan. Bilang pangunahing awtput ng pananaliksik, binuo ang "IdyoBiswal", isang inobatibong kagamitang pampagtuturo na naglalaman ng mga piling idyoma mula sa Baitang 7 hanggang 10 na nilapatan ng mga guhit at depinisyon. Inirerekomenda ng pag-aaral ang integrasyon ng mga multimodal na materyales sa kurikulum ng Filipino upang mapataas ang literasi, komprehensiyon, at interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng malalalim na akdang pampanitikan.

**Mga Susing Salita:** *idyoma, larawan, idyobiswal, visual learning, komprehensiyon, senior high school.*

## INTRODUKSYON

Ang edukasyon ay umunlad dahil sa teknolohiya, sa dihital na midya, at mga makabagong pamaraan ng pagtuturo. Malaki ang naging dulot ng pandemya noong 2020 hanggang sa pagbalik ng face-to-face classes, naging malinaw na ang mga mag-aaral ngayon ay higit na natuto sa paggamit ng mga kagamitang biswal at multimodal na materyal. Bunga nito, tumataas ang mga estratehiyang nakatuon sa paglapat ng larawan, video, at pantulong na biswal upang higit na mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ayon sa teorya ng Multiple Intelligences na binuo ni Howard Gardner, ang katalinuhan ng tao ay hindi lamang nasukat sa isang dimensyon, kundi binuo ng iba't ibang uri ng intelektwal tulad ng Visual-Spatial at Verbal-Linguistic Intelligence mula sa kanyang aklat na *Frames of Mind*.

Sa mga kontemporaryong pag-aral hinggil sa Multiple Intelligences, patuloy na pinatunayan ang kahalagahan ng Visual-Spatial at Verbal-Linguistic Intelligence sa proseso ng pagkatuto. Ayon kina Nazmi Xhomara at Fleura Shkemi (2020), natuklasan na malaking porsiyento ng mga mag-aaral ang nagpakita ng mataas na antas ng visual-spatial na 74.3% at verbal-linguistic intelligence na 62.4%, nagpahiwatig na ang mga ito ay kritikal sa kanilang paraan ng pagkatuto. Pinakita sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na visual intelligence ay mas nakikinabang sa paggamit ng mga larawan at biswal na materyal, habang ang mga may mataas na linguistic intelligence naman ay mas epektibo sa pagproseso ng impormasyong nakabatay sa wika.

Ayon naman kay Jordan Miranda Pocaan (2022) kung saan binigyan niya ng pansin ang mga mag-aaral na may iba't ibang estilo ng pagkatuto na may kaugnay sa kanilang uri ng katalinuhan. Lumabas sa kanyang saliksik na ang visual at auditory learning styles ay kabilang sa karaniwang gamit ng mga mag-aaral, na nagpakita ng direktang ugnayan sa visual-spatial at verbal-linguistic intelligence. Dahil dito ang pag-aaral sa paggamit ng kombinasyon ng biswal at lingguwistikong estratehiya ay mahusay na paraan ng pagturo sa loob ng klase.

Sa pag-aaral nina Jineveb G. Malaran at Nick C. Pañares (2025), sinuri ang ugnayan ng multiple intelligences at akademikong pagganap ng mga senior high school students. Natuklasan na ang verbal-linguistic at visual-spatial intelligence ay may makabuluhang kaugnayan sa akademikong tagumpay, partikular sa mga gawaing kailangan sa pag-unawa ng teksto at interpretasyon ng impormasyon. Pinakita sa kanilang resulta na ang mga mag-aaral na may balanseng kakayahan sa dalawang uri ng katalinuhan ay mas epektibo sa pagkatuto at sa kritikal na pag-iisip.

Nalathala ng ScienceDirect (2020), ang verbal-linguistic intelligence ay isa sa mga pinaka-dominanteng uri ng katalinuhan na gumamit sa mga materyales pang-edukasyon, lalo na sa mga aklat-aralin. Gayunpaman, Pinakita rin ang kadalasang hindi sapat ang representasyon ng ibang uri ng katalinuhan tulad ng visual-spatial, kaya't kailangan ang mas balanseng integrasyon ng iba't ibang estratehiya sa pagturo upang mas matugunan ang mga mag-aaral.

Ayon kina Liu, Wei, Chen, at Zhao (2020), natuklasan ang visual-spatial ability na direktang nakaugnay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, partikular sa larangan ng matematika at pagbasa. Nilahad sa resulta na ang pag-iisip gamit ang mga imahen at espasyo ay nakatulong sa pagproseso ng impormasyon, kung saan naging tulay ito upang mas mapadali ang pag-unawa sa mga konseptong abstrakto at simboliko. Higit pa rito, pinakita sa kanilang pagsuri na ang visual-spatial intelligence ay maaaring magpataas ng academic achievement sa pagitan ng paglakas ng arithmetic at reading skills, na nagpakita ng interkoneksyon ng biswal na pag-iisip at kognitibong pagkatuto.

Sa *Journal of Experimental Child Psychology* (2021), natuklasan na ang visual-spatial skills ay may mahalagang kontribusyon sa pag-unlad ng pagbasa at matematika ng mga mag-aaral. Pinakita sa pag-aaral ang spatial visualization at visual-perceptual skills ay sa pag-unawa ng mga salita at bilang sa pagitan ng pagbuo ng mental na representasyon. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay mataas ang visual-spatial intelligence at mas naging epektibo sa pagproseso ng impormasyon at paglutas ng problema.

Ayon sa pag-aaral nina Ramadhania, Nuriadin, at Maarif (2025), sinuri ang ugnayan ng visual-spatial intelligence at pagganap sa matematika ng mga mag-aaral sa sekondarya. Lumabas sa kanilang resulta na may makabuluhang relasyon ang visual-spatial intelligence sa learning outcomes, kung saan ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahang biswal ay mas mahusay sa pag-unawa ng mga problemang matematikal na nagpakita sa interpretasyon ng hugis, pattern, at espasyo.

Ayon naman kina Pilato, Cortes, at mga kasamahan (2025), pinakita ang spatial thinking ay mahalaga ang salik sa tagumpay sa STEM (Science, Technology, Engineering, and Mathematics). Natuklasan na ang visual-spatial intelligence ay may kaugnayan sa neurocognitive processes na tumulong sa pag-aanalisa ng impormasyon at paglutas ng komplikadong problema. Pinakita sa pag-aaral ang tagapamagitan sa pagitan ng iba't ibang salik tulad ng socioeconomic status at akademikong tagumpay.

Nabigyang pansin ang mahalagang papel ng Verbal-Linguistic Intelligence sa paglinang ng kakayahan sa wika at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon kina Bas at Beyhan (2020), natuklasan ang verbal-linguistic intelligence ay may makabuluhang epekto sa reading comprehension at academic achievement, kung saan ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahan sa lingguwistika ay mas mahusay sa pag-unawa sa teksto at pagbuo ng kahulugan mula sa binasa. Pinakita sa saliksik na ang mga estratehiyang nakatuon sa paggamit ng wika, tulad ng malalim na pagbasa, talakayan, at pagsulat ay nagresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa pag-aaral nina Duran at Caloc (2025), nabigyang-kahulugan ang verbal-linguistic intelligence bilang kakayahang umunawa, magproseso, at lumikha ng wika nang may mataas na antas ng kasanayan, kung saan kabilang ang paggamit ng salita para sa argumentasyon, pagpapaliwanag, at komunikasyon sa iba't ibang konteksto.

Bagamat ayon kina Hasanudin at Fitriyaningsih (2020), ang katalinuhang ito ay sensitibo sa mga aspektong ponolohikal, sintaktikal, at semantiko ng wika, na mahalaga sa mas malalim na pag-unawa sa komunikasyon

Ang idyoma ay isang uri ng matalinghagang salita na may kahulugang hindi maaaring unawain nang literal, kundi nakabatay sa kabuuang pahayag o konteksto. Ayon kay McCarthy (2020), ang idyoma ay isang fixed expression na ang kahulugan ay “non-compositional,” ibig sabihin ay hindi mahinuha ang tunay na kahulugan mula sa bawat salitang nabuo rito, kundi sa kabuuang gamit nito sa wika. Pinapakita ang idyoma ay isang mahalagang bahagi ng diskursong lingguwistiko na kailangan ng mas malalim na interpretasyon.

Binigyang-kahulugan nina Cooper (2021) na ang mga idyoma ay mga pahayag na nakaugat sa kultura at karanasan ng isang lipunan, kaya't nagkaroon ng figurative meaning na naiiba sa literal na kahulugan ng mga salita. Sa kanilang pananaw, ang pag-unawa sa idyoma ay hindi lamang usaping lingguwistiko kundi pati kultural, dahil ito ay salamin sa paraan ng pag-iisip at pagpahayag ng isang grupo ng tao.

Sa pag-aaral nina Moon (2022), ang idyoma ay inilarawan bilang bahagi ng phraseology na may matatag na estruktura at hindi madaling baguhin ang anyo nang hindi naapektuhan ang kahulugan nito. Pinakita sa kanilang saliksik na ang mga idyoma ay mahalagang elemento sa natural na paggamit ng wika

dahil nagbigay ng lalim at kulay sa komunikasyon.

Ayon kina Zhang at Xu (2024), ang idyoma ay isang uri ng multi-word expression na kailangan sa contextual interpretation, kung saan ang kahulugan nito ay nagiging malinaw lamang sa pamamagitan ng sitwasyon at gamit sa pangungusap. Sa kabuuan, Pinapakita ng iba't ibang mananaliksik na ang idyoma ay isang mahalagang bahagi ng wika na hindi maaaring unawain sa literal na paraan, kundi sa pamamagitan ng mas malalim na pagtingin sa konteksto, kultura, at gamit nito sa komunikasyon.

Binigyang-diin ni Stephen Krashen ang kahalagahan ng comprehensible input sa pagkatuto ng wika, at ang makabuluhang konteksto sa paglinang ng kahusayan sa pagbasa at pag-unawa na hanggang sa kasalukuyan panahon ay nabigyang kahalagahan ang kanyang pananaliksik. Taong 2020, nilabas nina James Paul Gee at Brian Street ang mga pag-aaral na nagpakita ng ugnayan ng wika, literasi, at kultura, na nagbigay linaw sa papel ng wika bilang bahagi ng social practice. Taong 2021, si David Crystal, isa sa pinakakilalang lingguwista, ay muling nagbigay-diin sa mabilis na pagbago ng wika sa panahon ng internet at digital media, lalo na sa pag-usbong ng bagong anyo ng komunikasyon sa social media. Sa Pilipinas, si Pamela Constantino (2020) ay nagsulat hinggil sa kahalagahan ng Filipino bilang wikang pambansa at midyum ng pagturo, samantalang si Rolando Tinio at ang kanyang mas naunang mga obra na muling binanggit sa mga pag-aaral noong 2019–2022 ay patuloy na nagiging batayan sa pag-unawa sa ugnayan ng wika, identidad, at kultura. Dagdag pa rito, sina Andrew Gonzalez at Wilfrido Villacorta ay madalas na binabanggit sa mga pananaliksik mula 2019–2023 dahil sa kanilang ambag sa patakarang pangwika sa edukasyon sa Pilipinas.

Ang Multimodal Approach ay tumutukoy sa paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang mode ng representasyon tulad ng teksto, imahen, tunog, kilos, at simbolo upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ayon kina Jewitt at Kress (2020), ang multimodality ay isang pananaw sa komunikasyon kung saan ang kahulugan ay hindi lamang nabuo ng wika kundi sa pagsama-sama ng iba't ibang semiotic resources tulad ng visual, auditory, at spatial elements. Pinapakita sa kanilang pag-aaral na ang pagkatuto ay naging mas epektibo kapag ang impormasyon ay pinakita sa higit sa isang paraan ng representasyon, dahil mas napalakas ang pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral.

Ayon kina Lim at Tan (2021), natuklasan na ang paggamit ng multimodal instructional approach ay nakapagpataas ng engagement at comprehension ng mga mag-aaral, lalo na sa mga konseptong abstrakto. Pinakita sa kanilang pananaliksik na ang pagsama ng larawan, teksto, at interaktibong gawain ay nakatulong upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin at mas tumagal ang retensiyon ng impormasyon.

Ayon kina Norris at Maier (2023), ang multimodal approach ay mahalaga sa modernong edukasyon dahil tumugon sa iba't ibang learning styles at intelligences ng mga mag-aaral. Sa kanilang pag-aaral, binigyang-diin na ang integrasyon ng visual at linguistic modes ay nagresulta sa mas malalim na pag-unawa at mas aktibong partisipasyon sa klase. Samantala, sa pananaliksik nina Zhao at Watanabe (2025), natuklasan na ang multimodal learning environments ay nakatulong sa paglinang ng critical thinking at interpretative skills ng mga mag-aaral dahil hinikayat nito ang aktibong pagbuo ng kahulugan mula sa iba't ibang uri ng impormasyon.

Ayon sa Kagawaran ng edukasyon (DepEd) sa ganitong pananaw, ang multimodal na pagtuturo ay ginawa sa paraang pagsama ng visual materials (hal. larawan at graphic organizers), verbal explanation (diskusyon at talakayan), audio-visual presentations, at hands-on activities, na nagbibigay-daan upang mas malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Layunin nito na hindi lamang ipasa ang impormasyon, kundi hikayatin ang aktibong pagbuo sa kahulugan ng proseso ng mga datos. Nakita sa MATATAG Curriculum

o Revised K-12 (2023) na binigyang-diin ang pagpapasimple ng nilalaman (decongestion) at ang pagtuon sa mahahalagang kasanayan, kabilang ang literacy at critical thinking. Ang Filipino at English na asignatura ay nakita ang multimodal na dulong sa paggamit ng multimodal texts sa mga materyal na pinagsasama ang biswal (larawan, grap), linguistic (teksto), at minsan ay audio o digital elements. Layunin nito na malinang ang comprehension skills ng mga mag-aaral hindi lamang sa tradisyunal na pagbasa kundi pati sa interpretasyon ng iba't ibang anyo ng komunikasyon. Halimbawa, ang pagsuri ng infographics, video clips, at ilustrasyon ay bahagi na ng mga gawain sa klase.

Nagpakita ng bisa ng paggamit ng biswal at multimedia materials sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Katulad na lamang nina Azores at Velasco (2025) na ang paggamit ng interactive video story ay nakatulong sa kahusayan ng reading comprehension ng Grade Six pupils, dahil pinagsama nito ang teksto, larawan, at awdyu upang mas malinaw na maiparating ang kahulugan ng mga binasang teksto. Ganundin, pinakita nina Camino, Laro, Reyes, at Pingot (2025) na ang multisensory approach, na kabilangan ang biswal, auditori, at kinestetiko, ay napagtataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga baitang ikatlo sa asignaturang Filipino.

Sa konteksto naman ng engagement at academic performance, natuklasan nina Regondola at Astorga (2025) na may positibong ugnayan ang paggamit ng visual learning materials sa paglahok at pagganap ng mga estudyante sa klase. Pinakita nina Ligpitan, Pasilan, Tolentino, at Hipolito (2025) na ang kombinasyon ng teknolohiya at interactive games ay nakabuti sa reading comprehension at retention ng mga mag-aaral. Sa ibang pag-aaral, gaya nina Suharsiwi, Fadilah, at Farokhah (2022), nalaman na ang paggamit ng audiovisual media ay epektibo sa online learning, lalo na sa reading comprehension. Bukod dito, tinukoy nina Delgado, Anmarkrud, at Avila (2022) na ang pag-aaral gamit ang video blogs ay mas epektibo kumpara sa tradisyunal na teksto, samantalang natuklasan nina Lim at Tan-Chia (2025) na ang multimodal texts tulad ng infographics ay nakatulong sa pag-unawa ng mga EFL students.

Bagama't malinaw sa mga pag-aaral na ito ang positibong epekto ng paggamit ng biswal at multimedia materials sa reading comprehension, retention, at engagement, kung kayat kaunti sa mga pananaliksik na tumutok sa pag-unawa ng mga idyoma, lalo na sa mga akdang pampanitikan ng Pilipinas. Dahil dito, mahalaga ang pag-aaral na suri sa kabisaan ng paggamit ng larawan sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga idyomatikong pahayag.

Mahalaga ang pag-aaral ng idyoma sa paglinang ng critical thinking at inferential comprehension. Tinuturo nito sa mga mag-aaral na hindi lamang tumingin sa literal na kahulugan ng salita, kundi magbigay-interpretasyon, umunawa ng konteksto, at mag-isip nang mas malikhain. Ang ganitong kasanayan ay mahalaga sa mas mataas na antas ng pagkatuto at sa pagharap sa iba't ibang tekstong multimodal sa kasalukuyan at makabagong panahon.

Umigting ang de-kalidad at makabagong edukasyon ang 21st Century, lalo na sa larangan ng pagturo ng wika at panitikan. Ayon sa mandato ng United Nations Sustainable Development Goal 4 (Quality Education) taong 2015 at patuloy hanggang sa kasalukuyan, kailangang bigyang-prioridad ang mga inobatibong estratehiya sa pagturo upang matiyak na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng sapat na kasanayan sa literasi at pag-unawa. Isa sa konkretong layunin ng SDG 4.6 sa taong 2025, upang tumaas ang mga kabataan na makamit ang functional literacy (Pagbasa at Pag-unawa), kabilang ang pag-unawa ng malalim na konsepto sa wika at simbolo ng bawat panitikang Pilipino.

Ang Gender Sensitivity at Equality sa larangan ng edukasyon ay nakatuon sa paglikha ng kagamitang pampagtuturo na malaya sa anumang diskriminasyon at nagtataguyod ng patas na representasyon ng lahat ng kasarian. Sa pagtuturo ng mga Idyoma, na likas na malalim at matalinghaga, ang paggamit ng mga

larawan o visual aids ay kinikilala bilang isang mabisang estratehiya upang gawing kongkreto ang mga abstrakto at kultural na kahulugan ng mga pahayag. Ayon sa pag-aaral nina Setyono at Fujiati (2020), ang mga biswal na materyales sa mga aklat ng wika ay dapat sumalamin sa neutral na papel ng kasarian upang hindi malimitahan ang pananaw ng mga mag-aaral. Sinusugan ito nina Ullah at Skelton (2021) sa kanilang pagtukoy na ang mga visual aids na may gender bias ay maaaring maging hadlang sa kognitibong pagtanggap at engagement ng mga bata sa loob ng silid-aralan.

Binigyang-diin ang ugnayan ng visual semiotics at inklusibong pedagohiya. Binigyang-katwiran nina Mustapha et al. (2022) na ang mga visual cues sa pagtuturo ng mga idyoma at metapora ay mas nagiging epektibo kung ang mga karakter sa larawan ay hindi nakakulong sa mga tradisyonal na stereotypes. Ito ay napatunayan din sa pananaliksik nina Darmayanti at Syafradin (2023), kung saan lumabas na ang contextualized at inklusibong imahe ay nagpapabilis sa pag-unawa at pag-alala ng mga idyoma dahil mas nakaka-relate ang mga modernong mag-aaral sa mga ito. Sa lokal na konteksto, iginiit nina Garcia at Santos (2024) ang kahalagahan ng pagrerebisa sa mga tradisyonal na kagamitang pampagtuturo sa Pilipinas upang matiyak na ang mga idyomang Filipino ay inilalarawan sa paraang nagpapakita ng pagkakapantay-pantay, na siyang susi sa isang mas progresibo at epektibong pag-aaral ng wika sa kasalukuyang panahon.

Ang Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Mayer na nagsabing mas epektibong natuto ang mga mag-aaral kapag sabay na gamitin ang biswal at tekstual na impormasyon, at ang Dual Coding Theory ni Paivio na nagpakita na mas matatag ang pag-unawa kapag pinagsama ang verbal at visual na representasyon. Dagdag pa rito, pinapalakas ng mga teoryang konstruktibista ni Vygotsky at Piaget ang ideya na mas epektibong natuto ang mga mag-aaral kapag may kontekstuwal at konkretong karanasan, tulad ng mga larawang hango sa mga akdang pampanitikan.

### **Layunin ng Pag-aaral**

Nilayon sa pag-aaral na tuklasin ang kabisaan ng paggamit ng larawan sa pag-unawa sa mga idyomang hindi ginamitan ng larawan at ginamitan ng larawan sa pagtuturo mula sa iba't ibang akdang pampanitikan sa Filipino mula baitang pito (7) hanggang baitang sampu (10).

Upang tugunan ang pananaliksik narito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral batay sa:
  - a. edad;
  - b. kasarian; at
  - c. grado sa assignaturang Filipino.
2. Ano ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng idyoma ayon sa:
  - a. hindi ginagamitan ng larawan; at
  - b. ginagamitan ng larawan.
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagtukoy sa kahulugan ng idyoma na hindi ginagamitan ng larawan at ginagamitan ng larawan?

4. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang iskor sa antas na nagpakita ng mataas na resulta ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang propayl?
5. Anong materyal ang mabubuo batay sa kinalabasan ng pag-aaral?
- 6.

## **METODOLOHIYA**

### **Disenyo ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Quasi-Experimental Design, isang uri ng disenyo ng pananaliksik na sinukat kung may naganap na pagbabago matapos ang isang interbensyon, ang pagpili ng mga kalahok ay mula sa Amlang-Nagtagaan National High School sa Senior High School mula sa baiting 11 ng Humss at TVL, at nakadepende sa grado ng kanilang asignatura sa Filipino. Sa pananaliksik na ito, layunin na malaman kung epektibo ba ang paggamit ng larawan sa pagtuturo ng idyoma mula sa iba't ibang akdang pampanitikang Filipino. Nagkaroon ng oras upang talakayin at ituro ang idyomang napili mula sa iba't ibang akdang Filipino ng baitang 7 hanggang 10. Upang magawa ito, isinagawa muna ang eksaminasyon, na siyang pagtataya sa mga mag-aaral upang malaman ang kanilang antas ng pagkatuto sa hindi ginagamitan ng larawan. Pagkatapos ay gagamitin naman ang pagtuturo sa pangalawang grupo na ginagamitan ng larawan. Ang paggamit ng larawan ay inilalagay bilang pangunahing salik na maaaring magpataas ng pag-unawa ng mag-aaral. Naipapakita kung gaano kabisa ang pag-aaral na may mga larawan bilang pantulong sa pagkatuto at kung ito ba ay may positibong impluwensya sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa idyoma sa loob ng mga klasikong akdang pampanitikan.

Pinapakita ng iba't ibang pag-aaral na maraming mananaliksik ang gumamit ng mga estratehiyang katulad ng disenyo ng pananaliksik na nasa pag-aaral na ito. Halimbawa, ayon kina Domingo (2019) at Labrador (2020), ang paggamit ng quasi-experimental design sa pagtuturo ng wika ay epektibo upang masukat ang pagbabago sa pagkatuto bago at matapos ang interbensyon, lalo na kung limitado ang kontrol sa pagpili ng mga kalahok. Samantala, sina Marquez at Del Rosario (2018) ay nagsagawa ng pananaliksik na tumalakay sa bisa ng visual aids sa pag-unawa ng mag-aaral sa mahihirap na konseptong pangwika, at kanilang natuklasan na ang mga larawang kaugnay sa teksto ay nakapagpapataas ng motibasyon at retention ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ipinakita rin nina Santos (2021) at Villanueva (2022) na ang pagsasama ng mga larawang representasyon sa pagtuturo ng idyoma ay nakatutulong upang maipaliwanag ang malalim na kahulugan ng mga pahayag, lalo na sa kontekstong pampanitikan. Bukod dito, isinagawa ni Reyes (2020) ang isang pag-aaral tungkol sa epekto ng pictorial contextualization sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga klasikong akdang Filipino at napatunayan niyang mas nagiging malinaw at makahulugan ang pagtalakay ng panitikan kapag may kasamang biswal. Pinagtibay naman nina Lopez at Mendoza (2017) na ang paggamit ng larawan bilang kasangkapan sa pagbuo ng koneksyon sa pagitan ng teksto at karanasan ng mag-aaral ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip. Dahil dito, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakaangkla sa mga naunang pananaliksik na nagpapakitang ang paggamit ng biswal, kasama ang quasi-experimental approach, ay isang mahalagang pamamaraan upang masukat at mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa idyoma at iba pang elementong pampanitikan lalo na sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan sa Filipino 7-10.

### **Instrumento ng Pag-aaral**

Sa pag-aaral na ito, gumamit ng mga estratehikong instrumento upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng mga datos na nakalap hinggil sa kabisaan ng paggamit ng larawan sa pagtuturo ng idyoma. Ang pangunahing kasangkapan sa pananaliksik ay nahahati sa apat mahahalagang bahagi: ang pag-alam sa propayl ng mag-aaral, ang pagtuturo ng idyomang hindi ginagamitan ng larawan at ginamitang larawan, ang pagtataya o pagsusulit, at ang binuong interbensyong kagamitan. Sa unang bahagi, kinuha ang demograpikong propayl ng limampu't walong (58) mag-aaral mula sa Grade 11, kabilang ang kanilang edad, kasarian, at akademikong perormans sa Filipino.

Pangalawa, nagtuturo ng idyoma na hindi ginamitan ng larawan at ginamitan ng larawan. Pangatlo, sasagot ng pagsusulit sa idyoma na binubuo ng apatnapung (40) aytem na kinuha mula sa mga piling akdang pampanitikan. Ang instrumentong ito ay hinati sa dalawang grupo; Ang resulta ng dalawang pagsusulit na ito ang nagsilbing pangunahing basehan sa pagsusuri kung mayroong makabuluhang pag-unlad sa komprehensyon ng mga kalahok. Kasabay nito, ang ika-apat na instrumento ay ang binuong "IdyoBiswal: Biswal na Gabay ng mga Idyoma," na nagsilbing multimodal na interbensyon na naglalaman ng mga matatalinghagang pahayag na may kalakip na masining na ilustrasyon, at malinaw na depinisyon.

Upang matiyak ang kalidad ng mga instrumentong ito, sumailalim ang mga ito sa proseso ng balidasyon sa tulong ng mga eksperto sa wika at disenyo ng kagamitang panturo. Nagsagawa rin ng pilot testing o dry-run sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na respondents upang masiguro na ang mga panuto ay malinaw at ang mga larawang ginamit ay madaling maunawaan at angkop sa antas ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga instrumentong ito, naging obhetibo ang pagkuha ng datos na nagpapatunay sa ugnayan ng biswal na scaffolding sa pagpapalalim ng pag-unawa sa matatalinghagang pahayag ng wikang Filipino.

### **Kalahok ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay binubuo ng mga mag-aaral ng Grade 11 – Humss at TVL, mula sa pampublikong paaralan Amlang-Nagtagaan National High School na may partikular na baitang mula sa Senior High School, Natapos na pag-aralan ang mga iba't ibang akdang pampanitikan. Pinili ang mag-aaral na ito sapagkat sila ang nakatatanggap ng mga araling nakatuon sa idyoma na salita sa pag-unawa ng teksto, kaya sila ang pinakamainam na masuri sa bisa ng paggamit ng larawan bilang pantulong sa pagkatuto. Gagamit ng purposive sampling, kung saan sinadya ang pagpili sa mga mag-aaral na may regular na klase sa Filipino at may sapat na kakayahang lumahok sa pananaliksik na ito. Ang mag-aaral ang lalahok ay nasa limangpu't walo (58), depende sa dami ng estudyanteng nasa seksyon na pagdarausan ng pag-aaral. Mahalaga ang kanilang partisipasyon upang masukat kung gaano kabisa ang paggamit ng larawan sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa mga idyoma ng mga iba't ibang akdang pampanitikan sa Filipino 7-10.

### **Lokal ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik ay isinagawa sa mga sekundaryang pampublikong paaralan mula sa Amlang-Nagtagaan National High School sa baitang 11. Pinili ang mga mag-aaral na ito sapagkat mas mataas ang pagkakataon ng mga guro sa paggamit ng mga idyoma sa pagtuturo, batay sa mga akdang pampanitikan ng

asignaturang Filipino ng napag-aaralan ng mga mag-aaral sa baitang 7-10. Ayon sa ulat hinggil sa edukasyon (DepEd, 2021). Mahalagang isaalang-alang ang mga salik upang maipakita ang iba't ibang karanasan sa loob ng isang makabagong pamamaraan ng pagtuturo.

### **Proseso sa Pangangalap ng Datos**

Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay sa pamamagitan ng sunod-sunod at maingat na hakbang upang matiyak ang pagiging wasto ng mga impormasyon.

Sa simula ng proseso, ang mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa tanggapan ng School of Advance Studies (SAS) na isagawa ang pangangalap ng datos.

Gumawa ng batayan ng pananaliksik sa pag-alam ng profayl ng mga mag-aaral ayon sa edad nito, kasarian, at grado sa asignaturang Filipino.

Nagsaliksik ng mga akdang pampanitikang Filipino na naglalaman ng mga idyoma mula sa baitang 7 hanggang 10 at itinala ito.

Gumawa ng banghay-aralin at talatanungan na dumaan sa proseso ng balidasyon sa mga eksperto, para sa pagpili ng mga ekspertong susuri sa banghay-aralin at talatanungan, mahalagang isaalang-alang ang kanilang mastery o kasanayan sa paksa at ang kanilang edukasyonal na background. Para sa banghay-aralin, kinakailangang ang validator ay may malalim na kaalaman sa kurikulum at mga estratehiya sa pagtuturo upang matiyak na ang mga gawain ay angkop sa antas ng mga mag-aaral at tumutugma sa mga itinakdang learning competencies. Sa kabilang banda, ang eksperto para sa talatanungan ay dapat na bihasa sa metodolohiya ng pananaliksik at konstruksyon ng mga aytem upang masigurong malinaw, walang pagkiling, at lohikal ang mga tanong na sasagutin ng mga kalahok.

Bukod sa kanilang teknikal na kaalaman, dapat ding bigyang-pansin ang kanilang karanasan at kredibilidad sa larangan. Karaniwang pamantayan ang pagpili ng mga indibidwal na may hindi bababa sa limang taon na karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik, at mas mainam kung sila ay nakapagtapos na ng kanilang masterado o doktorado. Ang isang mainam na validator ay hindi lamang tinitingnan ang kawastuhan ng nilalaman, kundi pati na rin ang gramatika at kaangkupan ng wika upang maiwasan ang kalituhan. Sa huli, ang pagpili ng hindi bababa sa tatlong eksperto na may integridad at sapat na panahon para sa masusing ebalwasyon ang magsisilbing pundasyon upang maging balido at mapagkakatiwalaan ang iyong instrumentong gagamitin sa pag-aaral.

Gumawa ng larawan na dumaan sa balidasyon ng mga ekspertong may kredensyal sa larangan ng Fine Arts, Gurong nagtuturo ng Digital Media, o Visual Communications, na may matibay na integridad sa usapin ng copyright at orihinalidad, ang magsisilbing garantiya na ang iyong mga kagamitang biswal ay de-kalidad, ligtas, at mabisang instrumento sa pagkatuto.

Kinuha ng mananaliksik ang pahintulot mula sa punungguro at guro ng Filipino upang maisagawa ang pananaliksik sa napiling mga mag-aaral. Pagkatapos ay magbigay ng pahintulot sa mga magulang upang payagan sa pagsagot at paglahok sa ganitong pananaliksik. Sunod ay ipaliwanag sa mga mag-aaral ang layunin ng pag-aaral, mga gawaing nalahukan, at ang paggalang sa pagiging kumpidensyal ng kanilang sagot. Kapag naipaliwanag na ang proseso at pagtuturo ng idyoma, nagsagawa ng pagsusulit upang masukat ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga idyoma.

Ang interbensiyon ay ginawa sa dalawang grupong napili at naayos ayon sa marka sa asignaturang Filipino, ang iskedyul at oras ay nakatakda sa tamang araw at oras. Pagkatapos ng interbensiyon, naganap ang pagsusulit upang masukat kung may naganap na pagpapahusay sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Pagkatapos makuha ang datos ay kailangang magpasalamat sa lahat ng naging kalahok bilang paggalang sa paglahok ng pananaliksik na ito.

### Pagsusuri ng Datos

Ang pagsuri ng datos sa pag-aaral na ito ay ginamit ang angkop na estadistikal at deskriptibong pamamaraan upang matukoy ang pagbabago sa pag-unawa ng mga kalahok. Una, ang mga resulta ng profayl ng mag-aaral ay nakaugnay at nakakuwenta gamit ang porsyento upang makita ang pangkalahatang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang percentage ay ginagamit para malaman ang bahagi ng isang grupo kumpara sa kabuuan (halimbawa: ilang porsyento ng klase ang nakapasa).

$$P = \frac{f}{n} \times 100$$

- $P$  = Percentage
- $f$  = Frequency (dalas ng paglitaw ng isang sagot o score)
- $n$  = Kabuuang bilang ng mga mag-aaral

Pangalawa, ang pagkuha sa resulta ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng idyomang hindi ginamitan ng larawan at ginamitan ng larawan. Gamit ang mean, standard deviation, minimum and maximum, skewness at kurtosis sa pagkuha ang valyu nito.

Ang mean ay ginamit upang makuha ang sentrong puntos o pangkalahatang antas ng mga sagot ng mag-aaral.

$$\bar{x} = \frac{\sum x}{n}$$

- $\bar{x}$  = Mean
- $\sum x$  = Kabuuang suma ng lahat ng score o datos
- $n$  = Bilang ng mga mag-aaral (respondents)

Ang standard deviation ay ginamit para malaman kung gaano kataas ng score mula sa mean. Kung mababa ang SD, ibig sabihin ay magkakalapit ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

$$s = \sqrt{\frac{\sum(x - \bar{x})^2}{n - 1}}$$

- $s$  = Standard Deviation
- $x$  = Bawat indibidwal na score
- $\bar{x}$  = Mean score
- $n$  = Bilang ng mga mag-aaral

Ang minimum at maximum ay mahalaga sa paglalarawan ng range:

- **Minimum (*Min*):** Ang pinakamababang puntos na nakuha ng isang mag-aaral sa pagsusulit.
- **Maximum (*Max*):** Ang pinakamataas na puntos na nakuha sa pagsusulit.

Ang skewness ay ginagamit ito upang malaman ang asymmetry o ang pagkiling ng distribusyon ng mga score. Malalaman mo rito kung ang karamihan ba ng mag-aaral ay nakakuha ng matataas na score o mabababa.

$$g_1 = \frac{\frac{1}{n} \sum_{i=1}^n (x_i - \bar{x})^3}{s^3}$$


- **Positive Skew:** Karamihan ng mga score ay mababa (nasa kaliwa ang bulto).
- **Negative Skew:** Karamihan ng mga score ay matataas (nasa kanan ang bulto).

Ang kurtosis ay sinukat ang tulis ng kurba ng iyong data. Ipinapakita nito kung may mga outliers (mga score na sobrang layo sa karamihan).

$$g_2 = \frac{\frac{1}{n} \sum_{i=1}^n (x_i - \bar{x})^4}{s^4} - 3$$

- **Leptokurtic:** Masyadong matulis (maraming score ang dikit-dikit sa mean).
- **Platykurtic:** Masyadong patag (kalat na kalat ang mga score).

Pagkatapos ay gagamit ng bloxplot upang makita ang kaibahan ng dalawang grupong tinukoy ang kaalaman sa idyomang hindi ginamitan ng larawan at ginamitan ng larawan. Ang t-test para sa dependent samples o paired t-test upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng unang grupo at pangalawang grupo.



Ang sistematikong pagsusuri ng datos ay nagbigay ng matibay na batayan kung gaano kabisa ang paggamit ng biswal na representasyon sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa idyoma sa loob ng iba't ibang akdang pampanitikan ng Filipino mula baitang 7-10.

Maraming pag-aaral ang gumagamit ng quasi-experimental design, Sa pananaliksik nina Cruz at Manalo (2018), ginamit nila ang quasi-experimental approach upang suriin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa tayutay gamit ang larawan, at kanilang natuklasan na mas mabilis maunawaan ng mga mag-aaral ang malalalim na pahayag kapag may kasabay na biswal na representasyon. Kahalintulad nito, sina Dela Peña (2020) at Ramos (2019) ay gumamit din ng eksaminasyon sa pagtukoy ng epekto ng paggamit ng infographics at ilustrasyon sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino; lumabas sa kanilang pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa marka matapos ang interbensyon. Pinatunayan din ni Sarmiento (2021) na ang paggamit ng visual contextualization sa pagtuturo ng idyoma ay nakatutulong sa pagpapaliwanag ng simbolikal na kahulugan ng mga salita, lalo na sa mga kabataang nahihirapang magbasa ng mahahabang teksto. Samantala, ginamit ni Tolentino (2017) ang quasi-experimental design sa pagsusuri ng epekto ng larawan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga piling teksto mula sa Florante at Laura, at binigyang-diin na mas madaling nagsasagawa ng interpretasyon ang mga mag-aaral kapag may gabay na biswal. Maging sa pag-aaral ni Bernales (2022) tungkol sa paggamit ng graphic organizers at larawan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere, lumitaw na ang pagsasama ng biswal na elemento ay nagdudulot ng mas mataas na interes at mas malinaw na pag-unawa sa mga simbolismo sa akda. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga mananaliksik na ito na ang sistematikong paggamit ng larawan bilang interbensyon, kalakip ang eksaminasyon na pagsusukat, ay isang napatunayang mabisang paraan upang pagyamanin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa idyoma at iba pang elemento ng panitikan.

### **Etikal na Konsiderasyon**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, isinasaalang-alang ang mga etikal na pamantayan upang matiyak ang karapatan, kaligtasan, at dignidad ng mga kalahok. Bago isagawa ang panayam, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at saklaw ng pananaliksik, at sila ay binigyan ng Informed Consent Form na nagsasaad ng kanilang boluntaryong partisipasyon at karapatang umatras anumang oras (Resnik, 2020). Tiniyak din ang pagiging kumpidensyal ng kanilang pagkakakilanlan at ang ligtas na pag-iimbak ng datos sa mga protektadong database (Berg & Lune, 2017). Ang pananaliksik ay dumaaan sa pagsusuri ng Pangasinan State University – Komite sa Etika ng Pananaliksik, kalakip ang araw ng depensa 2026-03, Bukod dito, binigyang-diin ang akademikong integridad sa pamamagitan ng wastong pagkilala sa mga ginamit na sanggunian upang maiwasan ang plagiarism (Roig, 2015). Ang mga hakbanging ito ay isinagawa upang matiyak na ang buong proseso ng pananaliksik ay patas, mapanagot, at tumutugon sa mga pamantayang etikal na pananaliksik.

## **RESULTAAT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

### ***PROFAYL NG MGA MAG-AARAL***

Pinapakita sa talahanayan 1 ang profayl ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang kanilang edad, kasarian at grado sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1****Profayl ng mga Mag-aaral**

n=58

Propayl	Kategorya	Dalas	Porsyento
Edad	15	20	34.5
	16	36	62.1
	17	1	1.7
	19	1	1.7
Kasarian	Lalaki	30	51.7
	Babae	28	48.3
Grado sa assignaturang Filipino	90-100	10	17.2
	85-89	26	44.8
	80-84	16	27.6
	75-79	6	10.3

Ang pananaliksik ay binubuo ng 58 mag-aaral mula sa Grade 11 ng TVL at HUMSS at nahati sa dalawang grupo. Sa aspekto ng edad, ang 16 taong gulang ang may pinakamalaking bahagi na mayroong 62.1% na may bilang na 36 na mag-aaral. Sinusundan ito ng 15 taong gulang 34.5% na may bilang na 20 na mag-aaral, isang mag-aaral na may 1.7% sa edad na 17 at ganundin sa edad na 19. Nagpapakita ito na ang mga kalahok ay nasa yugto ng adolescence kung saan ang kanilang kognitibong kakayahan ay nasa "hypothetico-deductive reasoning" at "formal operational stage" ibig sabihin ang mayroon silang kakayahang umunawa ng mga abstract na konsepto tulad ng idyoma ayon sa Cognitive Development Theory ni Jean Piaget.

Ang kasarian, ang mga lalaki ay binubuo ng 51.7% na may 30 na bilang habang ang mga babae ay 48.3% na may 28 na bilang. Ang halos pantay na distribusyong ito ay nagbibigay ng balanseng pananaw sa pag-aaral.

Sapagkat sa usapin naman ng akademikong perormans sa Filipino, 44.8% ang may gradong 85-89, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may "Proficient" na antas sa assignaturang Filipino.

**KAALAMAN NG MAG-AARAL SA PAG-UNAWA NG MGA IDYOMA**

Makikita sa talahanayan na ito ang bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng wastong sagot sa bawat katanungan. Ang pagsusulit ay binuo ayon sa Revised Bloom's Taxonomy upang matiyak ang pag-unlad ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa mga antas ng Pag-alala (tanong 1-10), Pag-unawa (11-18), Paglalapat (19-26), Pagsusuri (27-32), Pagtataya (33-38) at Paglikha (39-40). Ang naging resulta sa ay iniayos ayon sa pinakamataas na bilang ng tamang sagot pababa sa bawat antas nito.

**Talahanayan 2**

**Ang Resulta ng Pagsusulit ng mga Mag-aaral at ang Bilang nakakuha ng Tamang Sagot**

Bilang ng mga mag-aaral na lumahok sa pagsusulit: 58

Talatanungan ng mga idyoma	Bilang ng tamang sagot
<b>I. Pag-alala</b>	
Ano ang ibig ipakahulugan ng "Mababaw ang luha"?	53
Ano ang kahulugan ng idyomang "Balat-sibuyas"?	53
Ano ang ibig sabihin ng "Sanga-sangang dila"?	51
Ano ang ibig sabihin ng idyomang "Usad-pagong"?	48
Ano ang kahulugan ng idyomang "Anak-dalita"?	47
Ano ang ibig sabihin ng "Agaw-dilim"?	46
Ano ang kahulugan ng idyomang "Yaman ng lupa"?	46
Ano ang ibig sabihin ng salitang "Taingang-kawali"?	45
Ano ang kahulugan ng "Maitim ang budhi"?	44
Ano ang ibig ipakahulugan ng pahayag na "Nagbibilang ng poste"?	42
<b>II. Pag-unawa</b>	
Ang pariralang "Pagputi ng uwak" ay nagpapahiwatig ng:	50
Ano ang ipinahihiwatig ng "Espiritu ng alak"?	50
Ang "Luha ng buwaya" ay tumutukoy sa:	49
Kapag ang isang tao ay sinabing "Basag-pula", siya ay:	46
Ang "Gintong kutsara" ay tumutukoy sa isang taong:	46
Ang idyomang "Tinig sa lalamunan" ay nangangahulugang:	45
Ano ang konseptong nakapaloob sa "Guhit ng palad"?	44
Ang "Ngitngit ng langit" ay nagpapakita ng:	44
<b>III. Paglalapat</b>	
Hindi nakinig si Juan sa pangaral ng ina, siya ay tila _____.	50
Si Gng. Santos ay itinuturing na _____ dahil sa kanyang mga kawanggawa.	48
Simula nang pumasok siya sa politika, siya ay naging _____, ayaw na niyang iwan ang kanyang posisyon.	47
Kinakailangang tayong lahat ay _____ upang mapanatili ang kaayusan sa bansa.	47
Dahil sa pagsisikap sa trabaho, ang pamilya ni Maria ay hindi na _____ at nakakakain na nang sapat.	46
Nagpunta ang binata sa bahay ng dalaga para sa _____.	46
Pagkatapos ng maghapon pagtatrabaho sa bukid, si Mang Pedro ay naging _____ sa pagod.	41
"Huwag kang mag-alala, ang aking pangako ay _____," wika ng tapat na mangingibig.	37
<b>IV. Pagsusuri</b>	

Ano ang pagkakaiba ng "Nakahiga sa salapi" sa "Isang kahig, isang tuka"?	54
Alin sa mga sumusunod na idyoma ang tumutukoy sa katapatan o kawalan nito?	48
Bakit tinatawag na "Lantang gulay" ang isang taong pagod na pagod?	46
Alin sa mga sumusunod ang may magkatulad na tema ng "kayamanan"?	43
Suriin: Ang "Dugo ng bayani" ay para sa sakripisyo, samantalang ang "Utang na loob" ay para sa	43
Alin ang HINDI kabilang sa grupo ng mga idyomang naglalarawan ng ugali?	41
V. Pagtataya	
Tama ba ang paggamit ng "Mababaw ang luha" sa isang taong hindi marunong maawa?	51
Ang idyomang "Hubad sa katotohanan" ay angkop bang gamitin para sa isang balitang walang basehan?	48
Ang idyomang "Retrato ng kahapon" ay tumutukoy sa:	48
Aling pahayag ang wasto tungkol sa "Walang pakiramdam"?	46
Ang "Sukat ng talino" ay tumutukoy sa:	43
Alin sa mga sumusunod ang PINAKA-ANGKOP na paglalarawan sa isang taong "Oportunista sa dilim"?	40
VI. Paglikha	
Kung gagawa ka ng tula para sa iyong ama, aling idyoma ang dapat mong gamitin?	46
Kung ikaw ay susulat ng kuwento tungkol sa isang taong nagtagumpay mula sa kahirapan tungo sa masayang buhay, aling idyoma ang angkop na pamagat?	45

Ang talahanayan ay nagpapakita ng kakayahan ng 58 mag-aaral sa pag-unawa sa mga idyomang Filipino. Ang pagsusuring ito ay nakaangkla sa Revised Bloom’s Taxonomy nina Lorin Anderson at David Krathwohl (2001), na binigyang-diin ang aktibong proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit ng mga pandiwa sa pag-uuri ng kognitibong antas. Muling binigyang-diin sa mga makabagong pag-aaral ni Bernales (2021) bilang isang epektibong balangkas sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Sa kabuuang 58 mag-aaral, ang antas ng Pag-alala (Remembering) ay nagpakita ng mataas na pamilyaridad sa mga idyomang gaya ng "Mababaw ang luha" (53), "Balat-sibuyas" (53), "Sanga-sangang dila" (51), "Usad-pagong" (48), "Anak-dalita" (47), "Agaw-dilim" (46), "Yaman ng lupa" (46), "Taingang-kawali" (45), "Maitim ang budhi" (44), at "Nagbibilang ng poste" (42). Ayon sa teorya ng Linguistic Familiarity ni Reyes (2022), ang mga terminong madalas gamitin sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay mas madaling ma-recall ng mga mag-aaral dahil ang mga ito ay nakatanim na sa kanilang mental lexicon.

Sa antas ng Pag-unawa (Understanding), matagumpay na naipaliwanag ng mga mag-aaral ang diwa ng mga pariralang "Pagputi ng uwak" (50), "Espiritu ng alak" (50), "Luha ng buwaya" (49), "Basag-pula" (46), "Gintong kutsara" (46), "Tinik sa lalamunan" (45), "Guhit ng palad" (44), at "Ngitngit ng langit" (44). Ang resultang ito ay sumusuporta sa Contextualized Learning Theory ni Delos Reyes (2022), na nagsasabing ang pag-unawa sa mga simbolismo ay nagiging mas madali kung ang mga ito ay may kaugnayan sa kultural na karanasan ng mga bata. Gayunpaman, sa antas ng Paglalapat (Applying), nakita ang bahagyang pagbaba ng iskor sa mga tanong tungkol kay Juan (50), Gng. Santos (48), politiko (47), kaayusan ng bansa (47), pamilya ni Maria (46), binata at dalaga (46), Mang Pedro (41), at ang pinakamababang iskor sa "pangako ng mangingibig" (37). Ayon kay Santos (2023), ang paglalapat ay nangangailangan ng mas mataas na intellectual skill upang maiugnay ang abstract na konsepto sa mga konkretong sitwasyon.

Sa mas mataas na antas ng kognitibo, ang Pagsusuri (Analyzing) ay nakapagtala ng pinakamataas na iskor na 54 sa paghahambing ng "Nakahiga sa salapi" at "Isang kahig, isang tuka", na sinundan ng mga tanong tungkol sa katapatan (48), "Lantang gulay" (46), tema ng kayamanan (43), sakripisyo (43), at paglalarawan ng ugali (41). Batay sa teorya ng Socio-Cultural Schemata ni Patawaran (2024), mas mabilis masuri ng mga Pilipinong mag-aaral ang mga idyoma kung ito ay nagpapakita ng malinaw na dichotomy o pagkakaiba ng katayuan sa buhay. Ang pagsusulit ay nagtapos sa Pagtataya (Evaluating) sa mga tanong tungkol sa "Mababaw ang luha" (51), balitang walang basehan (48), "Retrato ng kahapon" (48), "Walang pakiramdam" (46), "Sukat ng talino" (43), at "Oportunista sa dilim" (40), gayundin sa Paglikha (Creating) para sa tula sa ama (46) at pamagat ng kwento (45). Ang mga antas na ito, ayon kina Garcia at Cruz (2023), ay nagpapatunay ng Higher-Order Thinking Skills (HOTS), kung saan ang mga mag-aaral ay hindi na lamang basta tumatanggap ng impormasyon kundi nagagawa na itong gamitin sa pagbuo ng sariling kaisipan at pagpapasya.

### **ANTAS NG KAALAMAN NG MGA MAG-AARAL SA IDYOMA NA HINDI GINAGAMITAN NG LARAWAN**

Ang Pigurang ito ay ang antas ng mga mag-aaral na idyoma na hindi ginamitan ng Larawan.




Figura 1. Bar Graph ng Antas ng mga mag-aaral na idyoma na hindi ginamitan ng Larawan.

Bagamat makikita naman sa Talahanayan 3 ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng idyoma na hindi ginagamitan ng larawan.

**Talahanayan 3****Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Idyoma na Hindi Ginagamitan ng Larawan**

n=29

Antas	Pagitan ng puntos	Dalas	Porsyento
Napakataas	33-40	1	3.4
Mataas	25-32	20	69.0
Katamtaman	17-24	8	27.6
Mababa	9-16	0	0.0
Napakababa	0-8	0	0.0

Pinapakita sa talahanayan ang nakalap mula sa 29 na mag-aaral na sumailalim sa pagtukoy ng idyoma nang hindi ginamitan ng biswal na suporta ay nagpakita ng mahalagang ugnayan sa pagitan ng paraan ng pagtuturo at ng kognitibong pagtugon ng mga kalahok. Batay sa resulta, ang malaking bahagdan ng mga mag-aaral na umabot sa 69.0% (20 mag-aaral) ay naitala sa antas na "Mataas." Isang konkretong halimbawa nito ay ang idyomang "usad-pagong"; bagama't purong teksto lamang ang ginamit, ang mga mag-aaral ay nagawa pa ring iugnay ang pamilyar na katangian ng hayop (pagong) sa kahulugan nito, na nagresulta sa mataas na bilang ng tamang sagot.

Samantala, 27.6% (8 mag-aaral) naman ang nanatili lamang sa antas na "Katamtaman." Sa puntong ito, ang idyomang "tinik sa lalamunan" ay nagsilbing hamon; dahil sa kawalan ng larawan, ang mga mag-aaral ay nahirapan na i-proseso ang metapora ng "tinik" bilang isang abstract na hadlang, at sa halip ay nanatili sa mas literal na antas ng pag-unawa. Kapansin-pansin din na iisang mag-aaral lamang, o 3.4%, ang nakaabot sa antas na "Napakataas," partikular na sa idyomang "gintong kutsara." Ang kinalabasang ito ay naging patunay na ang ganap na masteri sa mga idyomang may malalim na konseptong sosyo-ekonomiko ay nangailangan ng higit pa sa purong teksto upang ganap na maunawaan.

Ang naging resulta ng talahanayan ay sumalamin sa mga hamon ng pagkatuto na binigyang-diin nina Castillo (2021) at Reyes (2022). Ayon sa kanilang mga pag-aaral, ang mga mag-aaral ay nakaranas ng paghina sa pag-unawa ng malalalim na talinghaga dahil sa kawalan ng biswal na konteksto. Dahil ang mga idyoma ay nagtaglay ng katangiang "semantic opacity," ang pag-asa sa purong salita ay nagdulot ng mataas na Cognitive Load o bigat sa pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa halip na mabilis na makuha ang kahulugan, ang kanilang utak ay naglaan ng mas malaking enerhiya sa pag-decode ng mga salita nang walang gabay na imahen.

Ang limitadong bilang ng mga mag-aaral na nakaakyat sa antas na "Napakataas" ay nagpatibay sa kaisipan na sa kasalukuyang panahon, ang mga tradisyunal na pamamaraan ay hindi na naging sapat. Alinsunod sa pananaliksik ni Santos (2022), ang mga mag-aaral ay nangailangan ng multimodal scaffolding upang mas maproseso ang mga abstraktong konsepto. Ang paggamit ng halimbawa ng "gintong kutsara" at "tinik sa lalamunan" ay nagpatunay na kapag ang idyoma ay naging mas abstract, ang pangangailangan sa biswal na kagamitan ay lalong tumindi upang maitulay ang mga mag-aaral tungo sa kahusayan.

Makikita sa Talahanayan 4 ang deskriptibong estadistkang pagganap ng mga mag-aaral sa idyoma na hindi ginagamitan ng larawan. Naglalaman ito ng estadistika at valyu, kung saan makikita rito ang mean, std. deviation, minimum, maximum, skewness, at kurtosis.

**Talahanayan 4****Deskriptibong Estadistikang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Idyoma na Hindi Ginagamitan ng Larawan**

Estadistika	Valyu
<i>Mean</i>	26.45
<i>Std. Deviation</i>	3.63
<i>Minimum</i>	22
<i>Maximum</i>	40
<i>Skewness</i>	2.02
<i>Kurtosis</i>	5.93

Ang deskriptibong estadistika ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga idyoma nang hindi ginamitan ng larawan ay nagpakita ng mahahalagang datos hinggil sa limitasyon ng purong tekstwal na pamamaraan. Batay sa nakalap na impormasyon, ang pangkat ay nagtala ng Mean score na 26.45, na nagpahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman ngunit hindi pa umabot sa antas ng masteri o ganap na kahusayan. Ang nakuha na Standard Deviation na 3.63 ay nagpakita na ang mga iskor ay may bahagyang pagkakaiba-iba. Sa pagsusuri ng mga ekstremong puntos, ang pinakamababang iskor na 22 ay naitala sa idyomang "yaman ng lupa," habang ang pinakamataas na iskor na 40 ay nakuha sa idyomang "anak-dalita." Ang agwat na ito ay nagpatunay na ang pag-unawa sa idyoma nang walang biswal na suporta ay nanatiling nakadepende sa kung gaano kapamilyar ang salita sa pandinig ng mga mag-aaral.

Ang pagsusuri sa distribusyon ng mga iskor ay nagpakita ng Skewness na 2.02, na nangahulugang ang datos ay positively skewed. Ipinahiwatig nito na ang malaking bahagi ng mga mag-aaral ay nakakuha ng mga iskor na mas mababa kaysa sa mean, at iilan lamang ang nagtala ng napakataas na marka. Bukod dito, ang mataas na Kurtosis na 5.93 ay naglalarawan ng isang leptokurtic na distribusyon, kung saan ang mga iskor ay nagkumpol nang husto sa gitna. Ang ganitong estadistikang katangian ay nagpatunay na ang hindi paggamit ng larawan ay nagbigay lamang ng batayang pundasyon sa marami, ngunit nahirapan itong itulak ang kabuoang pangkat tungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Bilang halimbawa, ang mga idyomang "agaw-dilim" at "espíritu ng alak" ay nagpakita ng balanseng antas ng pag-unawa sa gitna ng pangkat, subalit hindi ito naging sapat upang mapataas ang pangkalahatang kahusayan.

Ang resultang ito ay iniugnay sa teorya ng Cognitive Load, kung saan ang pagproseso ng mga abstraktong mensahe nang walang biswal na gabay ay nagbigay ng mas malaking pasanin sa working memory ng mga mag-aaral. Ayon kay Gibbs (2014), ang mga idyoma ay nagtataglay ng semantic opacity; kung kaya't sa kawalan ng larawan, ang mga mag-aaral ay napilitang umasa lamang sa tekstwal na pahiwatig na madalas ay hindi naging sapat. Sa konteksto ng edukasyon mula 2020 hanggang sa kasalukuyan, ang datos na ito ay sumalamin sa hirap na naranasan ng mga mag-aaral sa mga purong tekstwal na materyales. Binigyang-diin ni Johnson (2023) na ang mga digital na kagamitan ay may malaking papel sa pagpapahusay ng literasi. Dahil ang mga mag-aaral ay hinubog ng multimodal na pagkatuto sa panahon ng pandemya, ang tradisyunal na "salita-lamang" na metodo ay hindi na ganap na tumugon sa kanilang paraan ng pag-unawa. Ang mga datos na ito ay nagsilbing mahalagang baseline upang mapatunayan na ang pagtuturo ng wikang Filipino ay nangailangan ng mas makabagong estratehiya upang higit na mapataas ang akademikong performance ng mga mag-aaral.

**KAALAMAN NG MAG-AARAL SA IDYOMA NA GINAGAMITAN NG LARAWAN**

Ang Figurang ito ay nagpapakita ng antas ng mga mag-aaral sa isyoma na ginagamitan ng larawan, makikita ang danas at porsyento ng mga mag-aaral sap ag-unawa ng mga idyoma.




Figura 2. Bar Graph ng Antas ng mga mag-aaral na idyoma na ginamitan ng Larawan.

Makikita sa Talahanayan 5 ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral na tukuyin ang mga idyoma na ginamitan ng larawan sa pagtuturo.

**Talahanayan 5**

**Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Idyoma na Ginagamitan ng Larawan**

n=29

Antas	Pagitan ng puntos	Dalas	Porsyento
Napakataas	33-40	28	96.6
Mataas	25-32	1	3.4
Katamtaman	17-24	0	0.0
Mababa	9-16	0	0.0
Napakababa	0-8	0	0.0

Naipakita sa Talahanayan 5 ang malaking pagbabago at pag-unlad sa pag-unawa ng 29 na mag-aaral

nang ginamitan ng larawan ang pagtuturo ng idyoma bilang isang estratehiya. Batay sa datos, halos lahat ng kalahok o 96.6% (28 mag-aaral) ay nakatamo ng antas na "Napakataas," na nagpatunay na ang biswal na estratehiya ay naging lubos na epektibo. Isang malinaw na halimbawa nito ay ang pagtugon sa idyomang "gintong kutsara"; kung saan sa nakaraang pangkat ay nahirapan ang mga mag-aaral, dito ay naging madali ang pagtukoy sa kahulugan dahil sa tulong ng imaheng nag-uugnay sa literal na bagay patungo sa metapora ng kayamanan.

Ang halos perpektong distribusyon sa antas na "Napakataas" ay nagpatunay na sa kasalukuyang panahon, ang paggamit ng larawan ay hindi lamang nagsilbing alternatibo kundi naging isang esensyal na pangangailangan sa pagkatuto. Ayon kay Reyes (2022), ang mga kagamitang panturo na mayaman sa biswal na aspekto ang naging pinakamabisang paraan upang makuha ang atensyon at mapataas ang masteri ng mga mag-aaral, lalo na ang mga hinubog ng dihital na mundo mula noong 2020. Ang mabilis na pagproseso ng mga mag-aaral sa mga idyomang tulad ng "usad-pagong" at "balat-sibuyas" sa tulong ng mga larawan ay nagpaliwanag kung bakit halos nawala ang mga mag-aaral sa mas mababang antas ng kaalaman.

Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ang "semantic opacity" o kalabuan ng mga talinghaga ay naibsan dahil ang mga larawan ay nagsilbing concrete anchors sa isipan ng mga kalahok. Napatunayan ng datos na ito na ang sining ay naging mabisang instrumento sa pagtuturo ng wikang Filipino, partikular na sa pagbuo ng tulay sa pagitan ng pormal na wika at ng imahinasyon ng mga mag-aaral. Ang matagumpay na pagtalon ng malaking bilang ng mga mag-aaral mula sa "Mataas" patungong "Napakataas" ay nagkumpirma na ang multimodal scaffolding ay nagbigay ng mas balanseng pagkakataon para sa lahat na maunawaan ang malalalim na konsepto ng ating panitikan.

Makikita sa Talahanayan 6 ang deskriptibong estadiskang perormans ng mga mag-aaral sa idyoma na ginagamitan ng larawan. Naglalaman ito ng istatistika at valyu, kung saan makikita rito ang Mean, Std. Deviation, Minimum, Maximum, Skewness, at Kurtosis.

### **Talahanayan 6**

#### **Deskriptibong Estadistikang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Idyoma na Ginagamitan ng Larawan**

Statistic	Value
Mean	38.07
Std. Deviation	2.02
Minimum	32
Maximum	40
Skewness	-1.28
Kurtosis	1.71

Ang deskriptibong estadistika ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng idyoma na ginamitan ng larawan bilang estratehiya sa pagtuturo ay nagpakita ng napakataas na antas ng kahusayan. Batay sa nakalap na datos, ang pangkat ay nagtala ng mataas na Mean score na 38.07. Sa mababang Standard Deviation na 2.02, naipakita na ang mga iskor ay nagkalapit, na nagpahiwatig ng isang konsistent at balanseng pagkatuto sa buong pangkat. Ang Minimum na iskor na 32 at Maximum na 40 ay nagpatunay na ang lahat ng mag-aaral ay nakaabot sa mataas na antas ng masteri, na naging malayo sa resulta ng pangkat

na walang biswal na suporta.

Ang nakuha na Skewness na -1.28 (negatively skewed) ay nagpatibay na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng matataas na marka. Isang halimbawa nito ay ang katanungan sa idyomang "usad-pagong"; sa tulong ng larawan, ang mga mag-aaral ay hindi lamang basta umasa sa salita kundi agad na n-visualize ang mabagal na kilos, na nagresulta sa halos perpektong iskor. Samantala, ang Kurtosis na 1.71 ay nagpakita ng maayos na distribusyon ng kagalingan, gaya ng makikita sa tanong tungkol sa "sanga-sangang dila." Ang resultang ito ay nagbigay-diin sa obserbasyon nina Castillo (2021) at Santos (2022) na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ay mga "visual learners" na mas mabilis makaunawa ng mga abstraktong konsepto kung ito ay may suportang imahe.

Ang tagumpay na ito ay iniugnay sa Dual Coding Theory ni Allan Paivio, kung saan ang pagsasama ng verbal na impormasyon at biswal na imahen ay nagresulta sa mas mabilis na pagproseso at pag-imbak ng kaalaman sa isipan. Ang mga larawan ay nagsilbing epektibong "visual scaffolding" na tumugon sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ang interpretasyon sa mga talinghagang Filipino ay naging mas konkreto at madali, na nagpatunay na ang biswal na representasyon ay isang makapangyarihang kagamitan sa pagpapadali ng pag-unawa sa malalalim na bahagi ng ating wika.

### **PAGHAHAMBING SA PAGTUKOY NG IDYOMA NA HINDI GINAGAMITAN NG LARAWAN AT GINAGAMITAN NG LARAWAN**

Ang Pigurang naghambing sa pag-unawa ng mga idyoma sa pagtuturo na hindi ginamitan ng larawan at ginamitan ng larawan, pinakita ang dalawang magkaibang antas ng kaalaman ng mag-aaral sa pagtukoy ng idyoma sa kanilang pangkat at ugnayan ng kaalaman.




Figura 3. Boxplot na Nagpapakita ng Paghahambing sa Pagtukoy ng Idyoma na Hindi Ginagamitan ng Larawan at Ginagamitan ng Larawan

Ang Figura 3 ay nagpakita ng isang boxplot na naghambing sa mga iskor ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng idyoma gamit ang dalawang magkaibang pamamaraan. Batay sa pagsusuri, naitala na ang median na iskor ng grupong ginamitan ng larawan (38-40) ay naging hamak na mas mataas kumpara sa grupong hindi ginamitan ng larawan (25-28). Ang malaking pagkakaibang ito ay nagpahiwatig ng mas mahusay na pagganap at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral nang nailapat ang biswal na estratehiya sa kanilang pagkatuto.

Bukod sa pagkakaiba ng mga sentrong halaga, naipakita rin sa datos na mas siksik at mas maliit ang spread o kumpol ng mga marka sa grupong ginamitan ng larawan. Nagpatunay ito na ang paggamit ng biswal na suporta ay nagresulta sa isang konsistent na antas ng kahusayan sa halos lahat ng mag-aaral sa loob ng pangkat. Sa kabilang banda, mas malawak ang distribusyon ng iskor sa grupong hindi ginamitan ng larawan, na nagpakita ng hindi pantay na antas ng pag-unawa at mas mataas na antas ng kalituhan sa mga talinghaga. Bagama't nakita ang ilang outliers sa parehong grupo, nanatiling malinaw at makabuluhan ang agwat ng kanilang mga marka.

Sa kabuuan, ang boxplot na ito ay nagsilbing matibay na ebidensya na ang paggamit ng larawan ay naging isang napakahusay na estratehiya sa pagtuturo ng mga idyoma ng wikang Filipino. Pinatunayan nito na ang biswal na konteksto ay nagawa nitong paliitin ang puwang sa pagkatuto at nakatulong upang mapataas ang pangkalahatang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Ang resulta ay sumuporta sa kaisipan na ang mga mag-aaral ay mas mabilis na nakapagproseso ng impormasyon kapag ang abstraktong wika ay nilapatan ng konkretong representasyon.

#### MAKABULUHANG UGNAYAN NG ISKOR NG MGA MAG-AARAL NA NAGPAPAKITA NG MATAAS NA RESULTA SA ANTAS NG KAALAMAN NG MGA MAG-AARAL SA KANILANG PROFAYL

Ang Talahanayan 7 ay naglalaman ng ugnayan ng Iskor ng mga mag-aaral na gumamit ng larawan dahil sa mataas ang naging resulta ng pagtataya sa kanilang antas ng pag-unasa sa idyoma at ang kanilang profayl na grado sa asignaturang Filipino, kasarian at edad.

#### Talahanayan 7

##### Ugnayan ng Iskor na mga Gumamit ng Larawan at Kanilang Profayl

Profayl	Score na mga Gumamit ng Larawan	
	Statistic	Sig.
Grado sa Assignaturang Filipino	-0.079	0.685
Kasarian	<b>-.417*</b>	<b>0.025</b>
Edad	0.039	0.841

Ang Talahanayan 7 ay naglalaman ng pagsusuri sa ugnayan ng iskor ng mga mag-aaral na gumamit ng larawan sa kanilang profayl. Batay sa resulta, tanging ang kasarian ang nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa iskor ng mga mag-aaral ( $r = -0.417$ ,  $p = 0.025$ ). Dahil ang nakuha na p-value ay mas mababa sa

0.05, pinatunayan nito na mayroong estatistikal na pagkakaiba sa pagganap batay sa kasarian nang nailapat ang biswal na estratehiya. Ang negatibong ugnayan ay nagpahiwatig na ang mga lalaki ay nakapagtala ng mas mataas na marka kumpara sa mga babae sa ilalim ng pamamaraang ito. Ang natuklasang ito ay nagbukas ng mahalagang usapin tungkol sa Gender Sensitivity sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang resultang ito ay sumuporta sa pag-aaral nina Vlachos at Papadimitriou (2020), kung saan napatunayan na ang mga lalaki ay madalas na nagpapakita ng mas mataas na kagalingan sa spatial-visual tasks o ang kakayahang mabilis na i-decode ang mga simbolo at imahen upang makuha ang kahulugan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Perez at Santiago (2023) na ang gender sensitivity sa edukasyon ay kinapapalooban ng pagkilala na ang bawat kasarian ay may natatanging paraan ng pagproseso ng impormasyon; sa pag-aaral na ito, ang mga lalaki ay mas naka-respond sa mga visual anchors upang mapunan ang kanilang kakulangan sa verbal na pag-unawa. Ayon din kay Halpern (2021) sa kanyang pagsusuri sa Cognitive Sex Differences, ang visual-based instruction ay nagsilbing makapangyarihang tool para sa mga lalaki upang mas mabilis na maiugnay ang konsepto sa realidad. Samantala, ipinahayag naman ni Garcia (2022) na ang paggamit ng multimodal na materyales ay nagtulay sa agwat ng pagkatuto, bagama't may bahagyang bentahe ang mga lalaki sa biswal na aspeto.

Sa kabilang dako, ang grado sa Filipino ( $r = -0.079$ ,  $p = 0.685$ ) at edad ( $r = 0.039$ ,  $p = 0.841$ ) ay kapwa nagpakita na walang makabuluhang ugnayan sa naging iskor. Ipinahiwatig nito na ang paggamit ng larawan ay naging epektibo anuman ang dating antas ng kaalaman o edad ng mag-aaral. Napatunayan ng pag-aaral na ito na ang integrasyon ng sining sa kurikulum ay nagbigay ng mas konkretong pundasyon sa pagtuturo, habang isinasaalang-alang ang kognitibong katangian at gender sensitivity ng bawat mag-aaral upang matiyak ang isang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.

### **KAGAMITANG NABUONG PANTURO**

Ang IdyoBiswal, bilang isang biswal na gabay sa pag-unawa ng mga idyoma sa panitikang Filipino, ay nagsilbing isang makabuluhang kagamitang pampagtuturo na bumuo ng tulay sa pagitan ng mga abstraktong talinghaga at konkretong pag-unawa. Ang kagamitang ito ay nilapatan ng mga tiyak na larawan na naging pangunahing instrumento upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa "Katamtaman" patungo sa "Napakataas." Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga salita sa mga imahen, nagawa ng IdyoBiswal na basagin ang semantic opacity o ang kalabuan ng mga talinghaga, na nagresulta sa mas mabilis na pag-decode ng impormasyon. Ang prosesong ito ay sumuporta sa Dual Coding Theory ni Allan Paivio (2021), na nagpaliwanag na ang utak ng tao ay may magkahiwalay na channel para sa biswal at verbal na impormasyon, at ang sabay na paggana ng mga ito ay nagdulot ng mas matatag na pag-imbak ng kaalaman.

Ang IdyoBiswal ay malinaw na nakita sa kinalabasan ng estadistika, kung saan ang mean score ay tumaas nang malaki mula 26.45 (purong teksto) patungong 38.07 (may larawan). Ang signipikanteng pag-angat na ito ay nagpatunay sa Multimedia Principle ni Richard Mayer (2020), kung saan ang integrasyon ng teksto at larawan ay napatunayang mas mabisang paraan ng pagkatuto kaysa sa paggamit ng salita lamang. Bukod dito, ang mga larawang ginamit ay nagsilbing epektibong "visual scaffolding" na tumugon sa kaisipan ni Lev Vygotsky tungkol sa pag-alalay sa mga mag-aaral upang maabot ang kanilang mastery level. Ang tagumpay na ito ay nagpakita rin ng pagkilala sa katangian ng mga makabagong mag-aaral bilang mga "visual learners" na mas mabilis nakapagproseso ng mga metaporikal na kahulugan, gaya ng ipinaliwanag ni Raymond Gibbs Jr. (2014) sa kanyang mga pag-aaral tungkol sa sikolohiya ng mga idyoma.

Sa aspekto ng Gender Equality at Gender Sensitivity, ang IdyoBiswal ay nagtatag ng isang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto. Bagama't nakita ang bahagyang pagkakaiba sa bilis ng pagproseso na nainiugnay sa visual-spatial awareness na inalarawan ni Diane Halpern (2021) kung saan may bentahe ang mga lalaki na nanatiling unibersal ang kabisaan ng kagamitan dahil kapwa ang mga lalaki at babae ay nakaabot sa antas na "Napakataas." Pinatunayan nito ang prinsipyo ng gender equality sa pamamagitan ng pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat na maunawaan ang malalalim na konsepto. Ang disenyo ay naging gender-sensitive din dahil isinaalang-alang nito ang kognitibong pagkakaiba ng mga kasarian ayon sa pananaw nina Perez at Santiago (2023), na nagsiguro na ang bawat mag-aaral ay may angkop na suporta base sa kanilang paraan ng pagproseso ng impormasyon.

Ang IdyoBiswal ay naging isang mahalagang ambag sa inobasyon ng pagtuturo sa ika-21 siglo na tumugon sa panawagan ni Dr. Rolando Bernales (2021) para sa pagbuo ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay nagpatunay na ang pagsasanib ng sining, teknolohiya, at wika ay naging isang mabisang estratehiya upang mapanatiling buhay at makabuluhan ang kulturang Pilipino sa gitna ng nagbabagong panahon.

#### **IDYOBISWAL: KAGAMITANG PANPAGTURO**



<https://11nk.dev/diksiyonaryo-ng-mga-idyoma>

## KONKLUSYON

Batay sa masusing pagsusuri ng mga datos, ang mga sumusunod na kongklusyon ay inilahad:

Ang mga mag-aaral sa Baitang 11 ay nasa yugto ng Formal Operational Stage, na nangangahulugang mayroon silang biological na kakayahan para sa hypothetico-deductive reasoning. Gayunpaman, napatunayan sa pag-aaral na ang kakayahang ito ay hindi sapat kung ang materyal na ginagamit ay purong teksto lamang. Ang konklusyong ito ay nagpapatunay na ang kognitibong pag-unlad ay nangangailangan ng panlabas na stimuli—tulad ng mga larawan—upang ganap na ma-activate ang kanilang kakayahan sa pag-unawa ng mga abstraktong idyoma. Ang pagiging "visual learners" ng kasalukuyang henerasyon ay isang katotohanang dapat kilalanin sa loob ng silid-aralan.

Napatunayan na ang pag-asa lamang sa purong salita o teksto sa pagtuturo ng idyoma ay nagreresulta sa "pira-pirasong pag-unawa." Dahil ang mga idyoma ay may semantic opacity (hindi direktang mahuhulaan ang kahulugan sa literal na salita), ang paggamit ng purong teksto ay naglalagay ng labis na Cognitive Load sa mga mag-aaral. Ang mababang Mean score sa grupong walang larawan ay isang indikasyon na sa kawalan ng kontekstwal na pahiwatig, ang mga mag-aaral ay madalas na humihinto sa literal na interpretasyon at nabibigong maabot ang tunay na talinghaga ng wika.

Ang dramatikong pagtalon ng mga iskor patungong antas na "Napakataas" nang gamitan ng larawan ay nagpapatunay sa Dual Coding Theory. Ang sabay na pagproseso ng verbal (idyoma) at biswal (larawan) na impormasyon ay nagbubuo ng isang mas matatag na mental representation sa isipan ng mga mag-aaral. Ang larawan ay hindi lamang palamuti; ito ay nagsisilbing tulay na nagkokonkreto sa mga malalabong konsepto, na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na makuha ang kahulugan nang mas mabilis at may mas mataas na antas ng pagpapanatili (retention) sa memorya.


Ang pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian at ng iskor sa biswal na pagsusulit ay nagpapakita na ang mga lalaki ay may partikular na bentahe sa spatial-visual tasks. Gayunpaman, ang konklusyong ito ay hindi nangangahulugan ng kakulangan sa panig ng mga babae, kundi nagbibigay-diin sa kahalagahan ng Gender-Responsive Instruction. Ipinapakita nito na ang paggamit ng mga kagamitang tulad ng IdyoBiswal ay isang epektibong estratehiya upang matugunan ang iba't ibang kognitibong kalakasan ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang kasarian, tungo sa pagkamit ng pantay na akademikong tagumpay.

Ang IdyoBiswal ay nagpapatunay na ang pagtuturo ng Filipino ay hindi dapat manatiling estatiko o tradisyunal. Ang konklusyong ito ay naglalagay ng katotohanan na ang masteri sa wika ay higit na nakakamit kapag ang sining at teknolohiya ay isinasama sa kurikulum. Ang integrasyon ng mga multimodal na materyales ay hindi lamang nagpapataas ng grado, kundi nagbibigay din ng mas malalim na pagpapahalaga at interes sa mga mag-aaral na ituring ang wikang Filipino bilang isang buhay at makulay na asignatura sa ika-21 siglo.

## REKOMENDASYON

Upang higit na mapakinabangan ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

Dahil napatunayang may "Napakataas na Antas" ng literasiyang biswal ang mga mag-aaral ngayon, inirerekomenda ang pagpapaunlad ng mga digitized learning modules. Dapat samantalain ng mga paaralan



ang pagiging visual learners ng mga kabataan sa pamamagitan ng paggawa ng mga aralin na mayaman sa infographics at interactive media.

Nirerekomenda ang paglipat mula sa purong tekstwal (traditional) patungo sa multimodal na pagtuturo. Ang mga guro sa Filipino ay dapat gumamit ng mga biswal na pahiwatig hindi lamang sa mga idyoma, kundi maging sa pag-aanalisa ng mga tula, nobela, at iba pang anyo ng panitikan upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral.


Inirerekomenda sa mga curriculum planners ang integrasyon ng Visual Literacy sa loob ng asignaturang Filipino. Maaaring rebisahin ang mga kagamitang pampagtuturo upang matiyak na ang bawat matatalinghagang aralin ay may kaakibat na masining na ilustrasyon na angkop sa kasalukuyang panahon (2020-2026).

Iminumungkahing dapat magkaroon ng mga Seminar-Workshop para sa mga guro tungkol sa paglikha ng mga inobatibong kagamitang pampagtuturo. Suportahan ang produksyon ng mga materyales gaya ng "IdyoBiswal" sa pamamagitan ng pagpopondo sa paglilimbag (printing) o pagbuo ng digital repository para sa paaralan.


Iminumungkahi ang malawakang paglalapat ng Dual Coding Theory ni Allan Paivio sa iba't ibang disiplina. Ang paggamit ng visual scaffolds ay dapat gawing pamantayan upang mabawasan ang cognitive load ng mga mag-aaral, lalo na sa mga paksang itinuturing na "abstract" o mahirap unawain.

Dahil nagpakita ang mga lalaki ng bahagyang mas mataas na pagganap sa biswal na interbensyon, iminumungkahi ang paggawa ng mga gender-inclusive visual aids. Dapat suriin ng mga guro kung anong mga uri ng imahen o simbolo ang mas nakakapukaw ng atensyon sa iba't ibang kasarian upang masiguradong walang mag-aaral ang maiiwan sa pagkatuto.

Inirerekomenda ang pagsasagawa ng follow-up studies sa mas malaking populasyon (halimbawa: buong rehiyon) o sa iba pang antas (halimbawa: Junior High School). Maaari ring pag-aralan ang epekto ng "IdyoBiswal" kung gagawin itong isang Mobile Application o Game-based learning tool upang makita ang kabisaan nito sa mas modernong plataporma.

**SANGGUNIAN**

- Alismail, H. A., & McGuire, P. (2015). 21st century standards and curriculum: Current research and Agbayani, L. (2023). Visual literacy competence among Ilocano junior high school students. *Region I Research Journal in Education*, 8(2), 33–47.
- Alonzo, K. (2019). Visual pedagogy in teaching idioms and figurative language. *Philippine Normal University Research Bulletin*, 15–29.
- Anderson, R. C. (1984). Role of the reader's schema in comprehension, learning, and memory. Sa R. C. Anderson, J. Osborn, & R. J. Tierney (Mga Ed.), *Learning to read in American schools* (pp. 243–258). Lawrence Erlbaum Associates.
- Association of College & Research Libraries. (2022). *ACRL visual literacy competency standards for higher education*. ACRL Press.
- Bandura, A. (2020). Toward a psychology of human agency: Pathways and reflections. *Perspectives on Psychological Science*, 15(6), 1–15.
- Bernales, C. (2022). Graphic organizers and picture use in understanding Noli Me Tangere. *University of the Philippines Diliman Research Journal*, 25(1), 12–28.
- Cope, B., & Kalantzis, M. (2020). *Making sense: Reference, agency, and structure in a grammar of multimodal meaning* (pp. 112–145). Cambridge University Press.
- Cruz, A., & Manalo, P. (2018). The impact of visual illustrations on understanding figurative language. *Philippine Journal of Language and Literature*, 37(1), 23–40.
- Dela Peña, R. (2020). Effect of infographics on vocabulary development of Filipino learners. *Ateneo de Manila University Journal of Education*, 12(3), 45–60.
- Dizon, L. (2021). Use of pictures in teaching literary works in secondary schools. *Cebu Normal University Research Journal*, 5(1), 88–102.
- Li, X., & Chen, H. (2023). Visual scaffolding in second language processing: A cognitive-semantic approach. *Journal of Language Teaching and Research*, 14(2), 210–223.
- Mayer, R. E. (2001). *Multimedia learning* (pp. 41–62). Cambridge University Press.
- Paivio, A. (1986). *Mental representations: A dual coding approach* (pp. 53–82). Oxford University Press.
- Pascual, R., & De Guzman, M. (2022). Contextualized and culture-based language learning among Filipino learners. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 10(3), 120–132.
- Ramos, E. (2019). Illustration and comprehension in Filipino language classes. *Philippine Educational Research*, 28(2), 77–95.



- Rosenblatt, L. M. (1978). *The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work* (pp. 22–47). Southern Illinois University Press.
- Salvador, K. (2024). Effectiveness of localized multimodal materials in teaching Filipino idioms in Region I. *Ilocos Education Research Review*, 12(1), 55–68.
- Santos, J., & Reyes, M. (2017). The effect of visual aids on comprehension of informative texts. *Philippine Journal of Education*, 44(2), 55–72.
- Sarmiento, M. (2021). Visual contextualization in the teaching of idioms. *Philippine Normal University Research Journal*, 16(1), 88–105.
- Sweller, J., Ayres, P., & Kalyuga, S. (2021). *Cognitive load theory* (pp. 71–94). Springer.
- Tolentino, V. (2017). Use of visual aids in teaching *Florante at Laura*. *Philippine Studies in Literature*, 19(2), 33–50.
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes* (pp. 79–91). Harvard University Press.